# Conduct of Participatory Assessment among Community-based organizations under the Communities for Development (C4D) project initiated by Lingap Pangkabataan Inc. (LPI)

Mapanlahok na Pagtatasa

*Sinumite sa*

Lingap Pangkabataan Incorporated

Octubre 2021

**Grupong Tagasaliksik:**

Wilfredo P. Awitan, PhD
Doctor of Social Development
Project Leader

Ms. Jayvielyn Co
Research Assistant

# Kabuuran ng Pagtatasa

Ang pagtatasa para sa proyektong Communities for Development (C4D) ay naglalayon na suriin ang kalagayan at pagganap ng bawat isang community-based organization o mga samahan sa pamayanan na saklaw ng pinaka layunin ng proyekto na transpormasyon ng mga komunidad. Ang proseso ng pagtatasa ay dumako rin sa mga karanasan at pamamaraan na nangyari habang isinasagawa ang proyekto na nagbigay daan para sa pagbabago ng mga samahan sa komunidad.

Ang Communities for Development (C4D) ay pinangunahan ng Lingap Pangkabataan Incorporated (LPI) sa loob ng tatlong taon katuwang ang iba pang mga organisasyon na may kahalintulad na layuning makapag ambag sa pagbabago ng mga pamayanan sa Pilipinas. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga samahan sa pamayanan sa pakikipagkaisa sa mga faith based organization o mga simbahan, mga lokal na non-government organizations (NGO) na tumutulong para sa karapatang pantao, lalo na sa mga bulnerableng grupo.

Ang C4D bilang proyekto ay nagsimula noong ika-1 ng Enero, 2018 at nagtapos noong ika-30 ng Hunyo 2021. Ang pagsasagawa ng pagtatasa para sa mga samahan sa pamayanan ay mahalaga sa pagtatapos ng proyekto upang higit na mapahalagahan ang mga resulta ng mga lapit na isinagawa sa loob ng proyektong C4D. Pinakatampok sa pagtatasang ito ay malaman ang kalagayan ng mga samahan na kasama sa proyekto kung nagkaroon ng pagbabago para sa pangmatagalang hangarin. Binigyan ng pagkakataon ang mga samahan na makapagbahagi ng kanilang kasalukuyang kalagayan, pagganap at mga sinimulang gawain bilang samahan.

Ang pagtatasa ay isinagawa sa anim na piling samahan na nakabase sa apat na barangay at kabilang sa tatlong munisipalidad sa lalawigan ng Eastern Samar. Ito ay ang mga sumusunod; Ang Bayanihan Simbolo Han Tinikangan Association (BASIHANTA), Balangiga Strong Foundation Women's Association (BASFWA), Balangiga Motorpot Driver's and Operators' Association. Ang tatlong ito ay nasa Barangay Poblacion 1, Municipality of Balangiga. Samantala, ang Sta Margarita Women's Group at ang San Antonio de Padua Fisherfolk and Farmers Association (SAFFA) ay makikita sa Barangay Santa Margarita, Municipality of Quinapondan. Ang Kaugop Multi-Purpose Cooperative naman ay sa Barangay 10, Municipality of Lawaan.

Ang C4D bilang proyekto ay naganap sa loob ng tatlong taon at kasalukuyang nasa yugto ng pagpapatuloy. Bahagi ng disenyo nito ay ang aktibong tuwangan sa pagitan ng samahan sa pamayanan at mga lokal na simbahan bilang mandato ng Lingap Pangkabataan patungo sa kaunlarang pagbabago.

# MGA RESULTA

## Proseso ng Pagbubuo ng Samahan

Ang mga Community Based Organizations (CBOs) ay nakapagtukoy ng mga proseso para sa pagbubuo ng samahan. Nagkaroon ang anim na mga CBOs ng iba't-ibang pamamaraan para sa pagbubuo ng kani-kaniyang grupo na may iba't-ibang antas. Ang kahandaan ng anim na samahan ay nakabatay sa mga gawain na nilahukan ayon sa kanilang pangangailangan. Sapat lamang para sabihin na ang mga samahan ay may pinagdaanang proseso upang patuloy na palakasin ang kanilang grupo. Ang pag-oorganisa na nakatuon sa pagsasagawa ng programa ang kontekstong tinutuntungan ng anim na samahan. Mga programa na may kinalaman sa pangkabuhayan at kagyat na tutugon sa kanilang pangangailangan. Ang proseso ng pag-oorganisa ay may gabay mula sa Lingap Pangkabtaan Inc. at suporta naman sa mga katuwang na institusyon tulad ng lokal na simbahan at ilang piling barangay sa antas ng lokal na pamahalaan. Inaasahan ng mga samahan na magpapatuloy ang kanilang mga sinimulan ng higit pa sa itinakdang panahon ng proyekto.

## Mga antas at uri ng Pakikilahok

Maraming oportunidad at kwento ang anim na Community based Organizations mula sa pakikilahok sa iba't-ibang larangan at tuwangan o partnership. Ang ilan ay sa simpleng boluntaryong gawain sa samahan, simbahan at barangay bilang pagpapakilala sa kanilang grupo. May pagkakataon na kabahagi ang mga CBO sa mga proyekto ng pamahalaan sa antas ng lokal na implementasyon kung saan nabibigyan din ng pagkakataon ang anim na CBO upang ipamalas ang kanilang kakayahan sa pagganap ng mga tungkulin sa pamayanan. Dahil ang karamihan sa anim na samahan ay nagsisimula pa lamang na mamulat sa larangan ng pakikilahok sa gawaing kaunlaran, may mga maliliit na pagbabago sa aspeto ng pakikilahok ng grupo, pagpapalakas ng samahan, sa pagpapamalas ng adbokasiya para sa karapatang pantao at mga inisyatibo ng partnership o tuwangan sa ibang mga organisasyon.

## Karanasan ng Pakikipag-ugnayan/ pakikipagtuwangan

Ang adhikain ng Community for Development (C4D) bilang proyekto ay makapag ambag sa transpormasyon ng mga komunidad sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga CBOs sa paraan ng pakikisangkot sa gawaing pangkaunlaran. Sa layuning ito naka-ugnay ang anim na tukoy na samahan habang nakikipagtuwangan o partnership sa lokal na simbahan, lokal na pamahalaan sa antas ng barangay at sa iba pang potensyal na organisasyong magiging kaagapay sa pagtaas ng kanilang kakayahan. Ang mga CBOs ay nakapag bahagi ng kanilang karanasan na may bahagyang pagbabago sa bawat kasapi at gayun din sa anim na samahan. Nagkaroon ng bahagyang pagtaas sa antas ng kaalaman sa mga gawaing pangkaunlaran na tinangkang sangkutan kasama ang mga partners o katuwang. Naging matingkad din ang mga kwento ng pagbabago sa karakter o pag-uugali sa pagpapalakad ng mga kanya kanyang grupo at ganun din sa pakikitungo sa ibang samahan.

### Kahandaan para sa gawaing Pagpapaunlad ng Pamayanan

Sa maigsing implementasyon ng proyekto naging hamon para sa anim na community-based organizations (CBOs) ang mapataas ang kamalayan para sa kinabukasan ng pagpapanatili ng gawaing pangkaunlaran. Nagkaroon ng pagbabahagi ng kanilang plano para sa pagpapatuloy ng kanilang mga pangarap at mga nasimulang gawain, ngunit kailangan ng konkretong direksyon para isabuhay ang mga plano. Ilan sa mga naiisip ng anim na samahan ay mga praktikal na pangarap para sa grupo subalit kinakailangan pa rin ng malinaw na pagganap at tukoy na proseso sa pag-gampan.

## Konklusyon

Malaki ang suporta at ambag ng Lingap Pangkabataan Inc., sa pagpapadaloy at sa suportang teknikal sa anim na CBO para sa pagkamit ng kanilang mga nagawa sa loob ng tatlong taong implementasyon ng proyekto. Ang tuwangan sa lokal na antas mula sa simbahan, barangay, iba pang mga samahan at institusyon ay nakadagdag ng suporta sa bahagyang pagtaas ng kakayahan ng mga tukoy na samahan. Ang kolaborasyon halimbawa sa mga partner o katuwang na organisasyon ay nagkaroon ng positibong kinalabasan sa pagbabahagi ng anim na CBOs na saklaw ng proyektong Community for Development.

Ang Community for Development (C4D) ay proyektong gumabay sa mga CBOs o mga samahan sa komunidad upang mamulat sa konsepto na sila mismo ang pangunahing aktor kapag nag-usap ng gawaing pangkaunlaran partikular sa kanikanilang pamayanan. Dagdag nito ay ang mga inisyatibong naging kabahagi ang anim na CBO tulad ng mga seminar at pagsasanay na nagtataas sa kanilang kakayahan, mga gawaing simbahan na nagbibigay suporta sa mga kasapi ng grupo, mga pagpupulong at talakayan na nagbibigay puwang sa paglago ng kanilang kaisipan at mga palihan upang pandayin ang kanilang kasanayan. Sa kabila ng mga salik at hamon ay patuloy na nagpapahayag ang anim na CBO na ituloy ang mga nasimulan at maliliit na inisyatibo sa mga komunidad.

Ang bahagyang pagtaas ng kamulatan ng mga samahan ay patunay na ang proyekto ay nag-aambag sa pagmumulat ng mga samahan tulad ng anim na CBO sa pagtatasang ito. Maaaring makapagbigay inspirasyon ang mga karanasan sa gawaing kaunlaran upang magpatuloy ang mga kasapi ng anim na samahan. Kapansin-pansin naman ang proseso ng pagbubuo ng mga samahan na may iba't-ibang anyo na naaayon sa pangangailangan ng bawat CBO. Ngunit may mga pagkakahawig din batay sa ginagawa ng mga tagapag-padaloy sa pamayanan. Napagtanto rin ng mga samahan na bilang grupo ay may tungkulin na naka-atang sa kanila upang higit na palakasin ang suportahan sa mga kasapi ng bawat samahan at iangat ang kaganapan ng buhay.

Maraming mga resultang hindi masusukat ng kantidad o dami, tulad ng mga proseso ng pagbubuo ng samahan, mga karanasan ng pakikilahok, pakikipag-tuwangan sa ibang organisasyon at institution at ang bahagyang transpormasyon ng mga samahan sa larangan ng gawain sa pamayanan. Ang kontribusyon upang maiangat ang kaalaman, kakayahan at karakter ng mga kasapi ay sasalamin sa kabuuan ng mga samahan kung paano ang isinasagawa ang partnership at pakikibahagi sa pamayanan.

Naniniwala ang mga Community Based Organization (CBO) sa kahalagahan ng kolaborasyon at patuloy na koordinasyon sa mga katuwang na organisasyon at institusyon lalo na sa lokal na antas kung saan sila nakatira, ganun din sa mga tagapag padaloy sa komunidad na nag-uugnay sa pagitan ng CBOs. Ang ganitong ugnayan ay nagpapanatili sa pagpapatuloy ng gawaing pangkaunlaran sa kanilang respektibong pamayanan. Ang anim na CBO ay naniniwala sa proyekto ng C4D upang maiangat ang antas ng kaganapan ng kanilang buhay sa pamamagitan ng mga lapit at pamamaraan na nakapaloob sa C4D. Sa pangkalahatan, ang C4D bilang proyekto ay nagbigay ambag sa anim na CBOs upang mamulat sa kahalagahan ng samahan at kumilos ng kolektibo para iangat ang pangkabuhayang layunin ng grupo.

## Rekomendasyon

- Patuloy na pagpapalakas ng samahan lalo na sa proseso ng pag-oorganisa.
- Itaas ang antas ng kamalayan sa balangkas ng pag-oorganisa at mobilisasyon tungo sa pamamahala.
- Makakatulong ang pagkakaroon ng isahang oryentasyon ng balangkas at layunin ng C4D bilang proyekto sa mga susunod na yugto ng implementasyon
- Sa ngayon makakabuti ang pagpapalakas ng kanya kanyang samahan sa larangan ng prinsipyadong pamumuno, pang-komunidad na pamamahala, at makatotohanang pakikilahok
- Magkaroon ng pagsasaayos ng mga Bisyon, Misyon, Goal at pagpaplano ang mga samahan na mas nakatuntong sa tunay na kalagayan at tutugon sa tunay na pangangailangan ng mga kasapi.
- Maging malinaw ang tungkulin at gawain ng samahan na hiwalay sa itinatakda ng taga-pagpadaloy
- Magkaroon ng pulidong pamamahala at pagsisinop sa pinansyal na aspeto ang mga samahan na nakatuon sa interes ng nakararami
- Magkaroon ng pag-aayos at pagpapalakas sa antas ng partnership

## Pagkilala


### Community Based Organizations

Pagpapahalaga sa mga sumusunod na Community Based Organizations (CBOs) na nakipagtulungan sa mga itinakdang araw ng kwentuhan upang mapadaloy ang pagtatasa; Bayanihan Simbolo HanTinikangan Association (BASIHANTA), Balangiga Strong Foundation Women's Association (BASFWA), Balangiga Motorpot Driver's and Operators' Association, Sta Margarita Women's Group, Kaugop Multi-Purpose Cooperative, at San Antonio de Padua Fisherfolk and Farmers Association (SAFFA).

Mga Tagapagpadaloy sa Pamayanan

Kinikilala rin ang suporta ng mga tagapagpadaloy sa mga komunidad sa koordinasyon na kanilang ginawa at pag-aayos ng mga lugar tulad ng simabahan upang maayos na makausap ang mga CBO. Gayun din sa pakikiisa sa mga kwentuhan at pagpapatunay ng mga tanong at kasagutan ng anim na samahan.

MGA SUSING TAUHAN MULA SA LINGAP PANGKABATAAN INCORPORATED

Mr. Norman Franklin C. Agustin, LPI Executive Director, Ms. Cathyrine L. Eder, CCDP Program Coordinator, Mr. Russel Anthony N. Albano, and Mr. Freyel Vera Cruz, CCDP Program Officers.

At saka, sa mga naghanda ng ulat para sa pagtatasa na kinabibilangan nina; Assistant Professor Wilfredo P. Awitan, PhD kasama si Bb. Jayvielyn Co bilang Research Assistant

Ang kanilang kaalaman at kasanayan sa aspeto ng gawaing pagpapaunlad ng pamayanan ay naging makabuluhan upang mapagyaman ang kalidad ng mga datos na inilahad dito.

## Pagtanggi at Pagsisiwalat

Ang mga nilalaman ng ulat na ito ay hindi nangangahulugan na sumasalamin sa pananaw ng LPI at iba pang mga katuwang sa komunidad lalo na sa lokal na antas. Ang mga pananaw at saloobin na inilahad dito ay nagmula sa may akda lamang. Ano mang kamalian sa salysay ay responsibilidad ng may akda.

## LIST OF ACRONYMS

| ABBREVIATIONS | EXPLANATION |
|---|---|
| **BAMDOA** | Balangiga Motorpot Drivers and Operators' Association |
| **BASFWA** | Balangiga Strong Foundation Women's Association |
| **BASIHANTA** | Bayanihan Simbolo Han Tinikangan Association |
| **BGA** | Barangay General Assembly |
| **BLGU** | Barangay Local Government Unit |
| **CBI** | Caritas Borongan Incorporated |
| **CBO** | Community-based Organization |
| **CBU** | Capital Build Up |
| **CF** | Community Facilitator |
| **COOP** | Cooperative |
| **C4D** | Communities for Development |
| **DSWD** | Department of Social Welfare and Development |
| **DOLE** | Department of Labor and Employment |
| **FFG** | Fisherfolks and Farmers Group |
| **KALAHI CIDSS** | Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan-Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services |
| **KAUGOP** | Kasama Ako Upang Gampanan ang Organisasyong Pampamilya |
| **LGU** | Local Government Unit |
| **LPI** | Lingap Pangkabataan Incorporated |
| **NGO** | Non-government Organization |
| **SLP** | Sustainable Livelihood Program |
| **SWG** | Samaritan Women's Group |
| **TESDA** | Technical Education and Skills Development Authority |
| **VMGO** | Vision, Mission, Goal, Objective |

# CONTENTS

**PANIMULA** ........ 1

LAYUNIN NG PAGTATASA
SAKLAW AT LIMITASYON NG PAGTATASA

**METODOLOHIYA** ........ 3

BALANGKAS NG PAGTATASA
METODO SA PANGANGALAP NG DATOS
POKUS NA TALAKAYAN NG PANGKAT AT PALIHAN
PAG-AARAL AT PAGSUSURI NG MGA IKALAWANG DATOS
PAG-AARAL AT PAGSUSURI NG MGA IKALAWANG DATOS
TAGAL, PANAHON AT PROSESO NG PAGTATASA

**RESULTA NG PAGTATASA** ........ 7

PANIMULANG KONTEKSTO
KONSEPTO AT DISENYO NG PROYEKTO
MGA PROSESO NG PAGBUBUO NG SAMAHAN
MGA ANTAS AT URI NG PAKIKILAHOK
MGA KARANASAN NG PAKIKIPAG UGNAYAN/PAKIKIPAGTUWANGAN
KAHANDAAN PARA SA GAWAING PAGPAPAUNLAD NG PAMAYANAN

**KONKLUSYON** ........ 12

**REKOMENDASYON** ........ 13

**ANNEX** ........ 14

THE CASE STUDIES

# PANIMULA

Lingap Pangkabataan Incorporated (LPI), ay isang faith-based na organisasyon na rehistrado at kinikilala ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) para sa gawaing pagpapaunlad at kapakanan ng lipunan. Ang mga katuwang na organisasyon at mga komunidad ay aktibong nakikilahok sa pagtugon sa pangangailangan at usapin ng pamayanan sa pamamagitan ng balangkas ng Child-focus Community Development Program (CCDP) na kanilang sinusundan kasama ang integrasyon sa simbahan at mobilisasyon ng komunidad.

Ang CCDP na sinimulan ng Lingap noong 2016 ay may disenyong kabahagi ang lokal na pamahalaan at lokal na simbahan sa pagbuo ng kakayahan ng mga miyembro ng pamayanan patungo sa matagalang programa at serbisyo para sa mga bata. Tulad ng nabanggit isa ang pag-oorganisa at pagpapalakas ng mga samahan tulad ng anim na CBO na nakaugnay para sa ginawang pagtatasa. Karagdagan nito ay ang pagtatatag ng mga community-based enterprise na kasalukuyang ginagawa ng mga CBOs sa lalawigan ng Eastern Visayas upang magkaroon ng katuparan ang pagtataas ng ganap na buhay sa mga samahan at mga bata sa pamayanan.

Ang Eastern Samar ay tinukoy na ikalawa sa pinakamahirap na lalawigan. Nagsilbing patunay at literal na naramdaman ito lalo na sa panahon ng sakuna. Sa datos na 55.4 na porsiyento ng populasyon ay tinatayang higit sa kalahati ang tukoy na mahirap. Ang mga bayan ng Lawaan, Quinapondan, at Balangiga ang tinatayang mas pinaka apektado ng sakuna. Kaya mula sa programang dala ng LPI ay pinili ang lalawigan ng Eastern Samar at sa mga tukoy na mga bayang nabanggit upang baguhin ang kaisipan mula sa matinding hamon ng sakuna patungo sa pag-oorganisa at pagkilos ng kolektibo.

## LAYUNIN NG PAGTATASA

Layunin ng pagtatasa na tingnan at suriin ang mga pagganap at kalagayan ng bawat community-based organization (CBO). Mga samahan sa pamayanan na saklaw ng proyekto ng Communities for Development (C4D) na mithiin ay makapag ambag sa transpormasyon ng mga tao sa pamayanan. Tinalakay din sa pagtatasa ang mga pamamaraan at karanasan na nangyari sa panahon ng implementasyon ng C4D.

## SAKLAW AT LIMITASYON NG PAGTATASA

Nagtukoy ng anim na community-based organizations (CBO) para sa mapanlahok na pagtatasa, na kabahagi ng proyekto ng C4D. Samantala, ang mga samahang tinukoy ay nasa apat na barangay na nakapaloob sa tatlong bayan sa lalawigan ng Province of Eastern Samar. Ang bawat CBO ay may mga kinatawan na binubuo ng 5-7 kasapi o grupong ubod na siyang tutugon sa mga katanungan sa panahon ng pangangalap ng datos.

Makikita ang mga pangalan ng mga CBOs, kasama ang barangay at bayan na kinabibilangan. Tukoy din ang bilang ng kinatawan sa bawat grupo.

| **Pangalan ng Community – Based Organizations** | **Barangay/Munisipalidad** | **Bilang ng Kinatawan** |
|---|---|---|
| Bayanihan Simbolo Han Tinikangan Association (BASIHANTA) | Barangay Poblacion 1, Municipality of Balangiga | 5-7 |
| Balangiga Strong Foundation Women's Association (BASFWA) | Barangay Poblacion 1, Municipality of Balangiga | 5-7 |
| Balangiga Motorpot Driver's and Operators' Association | Barangay Poblacion 1, Municipality of Balangiga | 5-7 |
| Sta Margarita Women's Group | Santa Margarita, Municipality of Quinapondan | 5-7 |
| Kaugop Multi-Purpose Cooperative | Barangay 10, Municipality of Lawaan | 5-7 |
| San Antonio de Padua Fisherfolk and Farmers Association (SAFFA) | | 5-7 |

Ang proyekto ng C4D ay naglalayon na makapag ambag sa transpormasyon ng mga tao sa pamayanan. Kalakip ng transpormasyong ito ay ang mga proseso ng pag-oorganisa o pagbubuo ng mga samahan sa kagyat na pamamaraan. Pagpapakilos na nakabatay sa proyektong ibinigay para sa samahan, na may kaakibat ng pagtataas ng kamalayan para sa aktibong pakikilahok sa mga gawaing pangkaunlaran. Sa ganitong konsepto dinudugtong ang C4D sa programang dala ng Lingap, ang Child-focused Community Development (CCDP) na ang makikinabang ay ang buong komunidad.

Nakadisenyo ang proyekto ng C4D na kasama ang mga partner na organisasyon tulad ng simbahan, lokal na pamahalaan sa antas ng barangay at ang gumagabay na mga community facilitator. Sila ang mga katuwang sa panlipunang gawain na nagtitiyak sa mga prinsipyo at gawi na may kinalaman sa pakikilahok at pag-oorganisa. Ang gawaing pangkaunlaran sa pamayanan ay isang lapit upang masiguro na ang mga samahan at komunidad ay tumutugon sa mga kinakaharap na usapin at pangangailangan.

## LAYUNIN NG PROYEKTO

Ang Communities for Development (C4D) ay tatlong taong pinangunahan ng Lingap Pangkabataan, Incorporated (LPI) kasama ang mga katuwang na organisasyon na naglalayon na makapag-ambag sa transpormasyon ng mga komunidad. Dagdag din ang pagtataas ng kapasidad ng mga community-based organizations (CBOs) sa pagkakaroon ng mga kolaborasyon na gawaing pangkaunlaran. Ang programa ay nagpapataas ng kamalayan sa mga samahan sa prinsipyo ng karapatang pantao na sinusuporatahan at may pag-gabay sa mga ka-partner tulad ng simbahan o mga faith-based organizations.

## LIMITASYON NG PAGTATASA

Ang pagtatasa ng C4D ay sumasaklaw sa anim na community-based organizations (CBOs) na ang mga kasapi ay mga residente ng apat na barangay at matatagpuan sa tatlong bayan mula sa lalawigan ng Eastern Samar. Ang mga samahan lamang na kabahagi ng proyekto ang tinukoy para mabigyan ng pagkakataon na magsalaysay ng kanilang mga karanasan at mga naging hamon mula sa kanilang pagganap bilang samahan. Nagkaroon ng pagpapatunay ang mga community facilitator o mga katuwang na tagapagpadaloy sa komunidad na gumagabay sa mga samahan. Itinakda sa lima hanggang pitong kinatawan lamang ang naitakdang kasama sa mga palihan at kwentuhan para rito.

# METODOLOHIYA

## BALANGKAS NG PAGTATASA

Ang Lingap Pangkabataan ay kilala sa pagsusulong ng mga proyekto at programang patungo sa kaganapan ng buhay ng mga tao sa komunidad. Ilan sa mga proyektong pinangunahan ng Lingap ay nagpakilala sa lawak ng gawaing pangkaunlaran sa pamayanan. Kaya sa proseso ng pagtatasa sa anim na CBOs sa Eastern Samar ay ginamit ang balangkas ng Gawaing Pagpapaunlad ng Pamayanan. Ang metodong ginamit ay hindi nangangahulugan ng kagyat na pagsukat sa mga itinakdang kalalabasan ng isang programa. Sa halip ay sinisinop ang mga pag-uulat o naiulat ng mga nakamit at tinutukoy ano ang mga salik sa pagkamit ng mga kinalabasan at paano ito nakamit.

Ang salitang kinalabasan ay tumutukoy sa; pagbabago ng gawi at asal ng indibidwal o organisasyon, maaring ito ay ugnayan at paanao mag turingan ang mga kasapi ng samahan, mga pagkilos lalo na kung kolektibo, sama-samang gawain, pagsusulong ng mga patakaran o mga batas at mga nakasanayang gawain. Ang lahat ng binanggit na kahulugan ay maiuugnay sa indibidwaal, grupo, komunidad, organisasyon at institusyon (Grau and Britt, 2013 binanggit sa INTRAC, 2017).

## METODO SA PANGANGALAP NG DATOS

Ginawang mapanlahok na pagtatasa ang proseso para sa C4D na proyekto. Nagkaroon ng direktang pakikilahok ang mga tukoy na kinatawan ng anim na samahan o CBOs mula sa Eastern Samar kasama ang mga community facilitator na nagtutulay mula sa Lingap at sa mga CBOs. Sila ay nakapaloob sa implementasyon ng C4D bilang proyekto. Kinalap ang datos sa pamamagitan ng pokus na talakayan sa pangkat mula sa anim na CBOs at panayam ng pangunahing impormasyon sa mga tagapag-padaloy sa pamayanan. Binalikan din ang ibang mga datos upang basahin at masuri tulad ng mga dokumentong binahagi ng Lingap, mga naratibong ulat na nangyari sa pamayanan at mga dokumentasyon tulad ng mga larawan ng mga gawain na ibinahagi ng mga samahan.

## POKUS NA TALAKAYAN NG PANGKAT AT PALIHAN

Ang pinaka pangunahing tagatugon para sa pagtatasa ay pinili ng Lingap at umaangkop sa implementasyon ng proyekto ng Community for Development (C4D). Lahat ng anim na samahan ay nagmula sa Eastern Samar na kabilang sa mga tukoy na komunidad kung saan nagkaroon ng direktang implementasyon ng proyekto at may partnership sa mga lokal na simbahan.

Ang pokus na talakayan ng pangkat ay binubuo ng mga piling kinatawan ng bawat samahan na tinukoy ng Lingap. Sila ay nanatili sa isang lugar upang mapanatili rin ang "health protocol" na pinaiiral ng lokal na pamahalaan sa Eastern Samar.

## PAG-AARAL AT PAGSUSURI NG MGA IKALAWANG DATOS

Nagkaroon ng pagsusuri at pag-aaral sa mga kaugnay na dokumento na may kinalaman sa proyekto at ito ay ginamit upang higit na mapatunayan ang mga nakalap na impormasyon at datos mula sa kwentuhan at mga palihan na isinagawa on-line. Nakatulong din ang mga datos upang mapatingkad ang konteksto ng proyekto at ang pagsasabuhay nito sa bawat tukoy na mga samahan. Ang mga dokumentong nakalap ay ang mga proposal na galing sa Lingap, "project brief" tungkol sa Community for Development project at mga sanaysay mula sa mga piling CBOs.

TAGAL, PANAHON AT PROSESO NG PAGTATASA

Ang mapanlahok na pagtatasa na nilahukan ng mga piling kinatawan ng anim na Community based Organizations (CBOs) ay saklaw ng Community for Development (C4D) na proyekto na nagsimula noong ika-1 ng Enero 2018 hanggang ika-30 ng Hunyo 2021. Ang mga hakbang na pinagdaanan ng proseso ng pagtatasa ay ang mga sumusunod;

- Panimulang pag-uulat at oryentasyon para sa babaybayin ng pagtatasa kasama ang Lingap at mga tagapag-padaloy ng pamayanan.
- Oryentasyon kasama ang anim na tukoy na community-based organizations (CBOs) at ang mga community facilitators.
- Pagbasa at pagsusuri ng mga dokumentong may kaugnayan sa C4D bilang proyekto at iba pang mga naratibong pag-uulat na nakaugnay dito.
- Pangangalap ng mga datos sa pamamagitan ng palihan at pokus na talakayan ng pangkat mula sa anim na CBOs
- Pangangalap ng iba pang datos sa pamamagitan ng panayam sa mga pangunahing impormante na mula sa mga community facilitators.
- Pagsasaayos ng mga datos
- Pagsusuri ng mga nakalap na datos, pagpapatunay sa mga datos at pagsusulat / pagbubuo ng naratibong ulat.
- Pagsasapinal ng naratibong pag-uulat at isinama na ang mga karagdagang komento mula sa borador.

# PANIMULANG KONTEKSTO

Lingap Pangkabataan Inc, ay isang non-stock, non-profit and church-related na organisasyon na gumagampan para sa mga bata at kabataan, lalo na sa mga batang nasa panganib na kalagayan. Ang Lingap ay ginagabayan ng isang bisyon para sa isang pamayanan na may pagtitiwala sa sariling kakayahan at kayang manindigan para sa ganap na buhay ng mga bata.

Samantala, ang Communities for Development (C4D) ay tatlong taon na proyektong pinangunahan ng Lingap Pangkabataan, Incorporated (LPI) kasama ang mga katuwang na organisasyon at institusyon na naglalayon na makapag-ambag sa transpormasyon ng mga komunidad sa ating bansa. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga samahan sa pamayanan tulad ng anim na kalahok sa pagtatasa. Ito ay sa pamamaraan ng aktibong pakikipagtuwangan sa mga simbahan at faith-based organizations, mga lokal na non-government organizations (NGO) na nagsusulong ng karapatang pantao lalo na ang mga bulnerableng grupo at sektor sa lipunan.

Mayroong apat na sentrong bahagi ang proyekto ng C4D tulad ng; pagpapataas ng kakayahan ng mga samahan, pag-oorganisa ng komunidad mula sa sektor ng bata at iba't-ibang sektor ng lipunan, pagpaplano, implementasyon at pamamahala ng mga social enterprises na naka sentro sa mga bata, pakikipag-ugnayan sa mga lokal na ahensya ng pamahalaan at pagkakaroon ng komunidad na ang konsepto ay sama-aralan. Kaya naman ang mga inisyatibong pagpapanumbalik sa kakayahan ng mga pamayanan ay kailangan upang makitang muli ang pagsasakapangyarihan ng mga tao sa lipunan.

Pinananatili ng LPI ang kamalayang prinsipyo na ang mga tao ang sentro ng kaunlaran, sila na mga susing actor ng lipunan ay may pantaong karapatan. Ang pag-aangat ng kanilang kaalaman at kamalayan ay susing salik para sa mas kolektibong pagkilos sa ano mang gawain para sa kapakanan ng nakararami. Ang LPI ay direktang kabahagi at kumikilos sa mga gawaing pagpapaunlad ng pamayanan. Isang epektibong lapit na nakaugnay sa mga sektor ng lipunan upang masiguro na nag mga proseso at pamamaraan ay para sa interes ng mga tao sa komunidad at nakalapat sa mga plano at inisyatibo sa hinaharap.

## KONSEPTO AT DISENYO NG PROYEKTO

Patuloy ang Lingap Pangkabataan incorporated (LPI) sa implementasyon ng mga proyekto sa mga tukoy na lugar sa kalunsuran at ganun din sa mga kanayunan. Sa mga proyekto na kanilang ginagawa ay naglalayon na palakasin ang mga gawaing pangkaunlaran sa pamayanan. May mga piling lugar halimbawa sa lalawigan ng Eastern Samar kung saan ang proyekto ng C4D ay naghahangad na tumugon sa mga usapin tulad ng limitadong akses ng mga samahan sa mga programang pang kabuhayan. Mayroon ding kakulangan sa oportunidad sa mga makabagong kaalaman sa teknolohiya at inobasyon na angkop para pag-unlad ng mga gawaing pangkabuhayan. Kaya ang C4D ay sinisikap na palakasin ang mga patakaran at batas na sumusuporta sa mga bulnerableng sektor at samahan sa lalawigan ng Eastern Samar.

Kaagapay ng konseptong ito ay pagpapanatili ng mga samahang kumakatawan sa mga sektor ng lipunan sa pamamagitan ng pagpapataas ng kasanayan at kakayahan patungo sa pormal na katayuan bilang community-based organizations (CBO). Hinihikayat mula rito ang kolaborasyon ng simbahan at ng mga civil society organization (CSO) na kabilang sa mga itinuturing na katuwang sa gawaing

pangkaunlaran. Ngunit ito ay tinatayang espasyo para sa lahat ng kasapi ng pamayanan ano man ang paniniwala at kalagayan sa buhay. Itinuturing ito bilang pamayanan na may sama-aralan at pagkatuto ng lahat ng samahan at mga katuwang sa lipunan.

Naniniwala ang Lingap na ang pagtatanggol sa karapatan at kapakanan ng mga bata ay hindi nakasalalay sa mga tagalabas na ahensiya sa pamayanan bagkus ito ay nagmumula sa pamilya at sa komunidad. Napanatili ang proseso ng konsultasyon at malinaw na oryentasyon sa mga piling samahan kasama ang mga lokal na organisasyong sumusuporta sa C4D na proyekto.

Sa huli, ang disenyo ng proyekto ay sa pagsisikap ng LPI na patuloy na buhayin at isabuhay ang mga pamamaraan ng gawaing pangkaunlaran sa pamayanan sa bawat CBO sa pagtatangol sa karapatang pantao at iba pang inisyatibo tulad ng aspeto ng kabuhayan.

# RESULTA NG PAGTATASA

## COMMUNITY BASED ORGANIZATIONS: A BRIEF PROFILE

Ang talaang makikita sa pahinang ito ay nagpapakita ng mga impormasyon ng mga sumusunod na Community Based Organizations (CBOs) mula sa anim na natukoy na samahan sa iba't-ibang komunidad. Ang mga nakalap na datos at impormasyon ay ibinahagi ng mga CBOs sa pamamagitan ng kwentuhan online at mga palihan. Ang resulta ng bahaginan ay nagpapakita na ang anim na CBOs ay sinimulan mula sa ginawang pagtugon sa isang sakuna o bagyo na naganap sa Eastern Visayas. Nagpatuloy ang ugnayan sa mga CBOs hanggang sa simulan ang proyekto na Communities for Development (C4D). Sa C4D lalong pinagtibay at pinalakas ang pag-oorganisa ng samahan na nakakawil sa layuning magkaroon ng transpormasyon ang mga samahan sa pamayanan. Pinatingkad ng anim na CBOs ang adbokasiya para sa karapatang pantao lalo sa pangkabuhayang akses na makapagdulot ng kaganapan ng buhay sa bawat pamilya.

Nagkakaiba-iba ang mga CBOs batay sa mga pamantayan tulad halimabawa ng tagal ng pagkakabuo bilang samahan, bilang ng aktibong kasapi ng samahan, mapanlahok na pakikibahagi sa pamayanan, lawak ng saklaw ng pakikipagtuwangan sa panlipunang gawain, antas ng pakikilahok, at paggawa ng kaunlarang panlipunan ayon sa kakayahan ng samahan. Sa daloy ng kwentuhan nagpahayag ang mga CBOs na hindi nila inakala na ganito ang pagbabago ng kanilang samahan, mula sa inakalang simpleng pagsasama –sama dahil sa ayuda ay magtungo sa pag-oorganisa sa prinsipyo ng karapatang pantao. Nagbago ang kanilang oryentasyon at pinanday ng iba't-ibang pagsasanay at pag-aaral upang maisaayos ang kanilang samahan at ugnayan sa pamayanan.

| Community Based Organization (CBO) | Petsa ng Pagbubuo ng Samahan | Lugar / Pamayanan | Layunin ng Samahan |
|---|---|---|---|
| Kasama Ako Upang Gampanan ang Organisasyong Pampamilya (KAUGOP) | Nabuo noong 2019 at may 100 kasapian. | Matatagpuan sa Barangay Lawaan, Eastern Samar | Layunin na makatulong sa bawat pamilya sa komunidad sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pagkakakitaan o karagdagang kita. Sa tulong ng karagdagang kita ay nilalayon din ng samahan na makapag tapos ng pag-aaral ang kabataan sakanilang komunidad. |
| Bayanihan Simbolo Han Tinikangan Association (BASIHANTA) | Binuo noong Nobyembre 2019 at may 54 na kasapian. | nakabase sa Barangay Balangiga, Eastern Samar | Layunin ang makabuo ng isang programang pangkabuhayan na may kakayahan makapagpatuloy bilang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | pagtugon sa pangangailangan ng bawat pamilya sa kanilang komunidad, paunlarin ang mabuting samahan ng mga tao sa komunidad, at itaguyod ang pagkakaroon ng pagkakaisa tungo sa kaunlaran. Isang komunidad na may pananampalataya sa panginoon at binubuo ng mga taong may integridad. |
| Balangiga Strong Foundation Women's Association (BASFWA) | Inorganisa noong Enero 2015 at may 38 kasapi. | Matatagpuan sa Barangay ng Balangiga, Eastern Samar. | Layunin na mapagbuti ang estadong pangkabuhayan at pinansyal ng kababaihan sa komunidad sa pamamagitan ng pag-iimpok o savings at livelihood programs. Kaya't ang organisasyon ay naglalayon na makapag produs ng mga proyektong nakatuon sakanilang kabuhayan sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga miyembro ng pagsasanay at kaalaman ukol dito. |
| Samaritan Women's Group | Inorganisa noong Enero 2020 at may 13 kasapi. | Matatagpuan sa Sta. Margarita, Quinapondan, Eastern Samar | Layunin ng samahan ang makapag lunsad ng mga livelihood projects na makapagbibigay ng dadag kita sa kababaihan upang maibsan ang kahirapan. Kabilang dito ang pagpapalalim ng kanilang kaalaman sa pinansyal na literasiya o *financial literacy* na kanilang magagamit sa paghawak ng pangkabuhayan ng |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | samahan man o personal. |
| Fisherfolks and Farmers Group (FFG) | Inorganisa noong Disyembre 2020 at may sampung aktibong kasapi | Matatagpuan sa Sta. Margarita, Quinapondan, Eastern Samar | Layunin ng samahan na makapag lunsad ng proyektong pangkabuhayan kabilang ang paglilikom ng sapat na pondo at kagamitan upang mapagyaman ang pangingisda at pagsasaka na pangunahing kabuhayan sa komunidad. Kaakibat nito ang misyon na maging kapaki-pakinabang sa lahat ang mga pangkabuhayan na inilulunsad sa pamamagitan ng makatotohanan at tamang paggamit ng pondo. |
| Balangiga Motorpot Drivers and Operators' Association | Inorganisa noong Nobyembre 2019 at may 22 aktibong kasapi | Matatagpuan sa Balangiga, Eastern Samar. | Layunin ng samahan ang pagpapabuti ng kondisyon ng kabuhayan ng mga drayber at magkaroon ng akses sa mga programa at serbisyo mula sa iba't ibang organisasyon at ahensya ng gobyerno. Kaakibat ng layuning ito ay ang misyon na makapagbigay ng mas maayos na serbisyo sa transportasyon sa komunidad at makapag ambag sa pagpapabuti ng pang ekonomikong kondisyon ng bawat pamilya. |

Ang aktibong kasapi ng bawat samahan na ibinahagi ng mga CBOs ay batay lamang sa kanilang pagkakaalala sa kwentuhan online. Karamihan sa mga kinatawan ng mga CBOs ay may kaalaman sa proyekto ng C4D ngunit kinakailangan pa ng mas malawak na oryentasyon sa tunay na diwa

ng proyekto. Nauunawaan ng anim na CBOs ang suportang hatid ng proyekto sa pamamagitan ng Lingap Pangkabataan Inc. (LPI), lalo na ang dahilan ng pagsasagawa ng C4D, ngunit inaasahang may pangangailanagn pa ng higit na paliwanag upang mas maunawaan ang direksyon ng mga samahan na may kaugnayan sa layunin ng proyekto.

Ang anim na CBOs ay may pagkakahawig sa kanilang layunin na magkaroon ng malinaw at maayos na pangkabuhayan at karagdagang pagkakakitaan. Naniniwala sila na ang pagpapalakas ng mga samahan katuwang ang mga lokal na partner tulad ng simbahan, community facilitators, ang barangay at iba pang mga samahan sa pamayanan ay nagbibigay ng inspirasyon upang higit na pag-ibayuhin ng anim na CBOs ang kanilang ginagawa. Nagpahayag ang anim na grupo na may pangangailanagn pa rin na magkaroon ng pagsasanay patungkol sa pamumuno upang higit na mapalakas ang bahaging ito ng kanilang kapasidad kasama ang mga kasapi. Ninais nilang magkaroon ng matibay na tuwangan sa mga potensyal na partners upang mapalakas ang mga institusyonal na interbensyonlalo na sa mga sumusunod tulad ng; pagpapaunlad ng paghahanap-buhay, pamamahala ng samahan, maging mahusay sa pamumuno at pagsusulong ng mga batas para sa karapatang pantao at mga kahalintulad nito. Kaya naman ang pagkakaroon ng isang batayang pagkakaisa ng bawat community-based organizations (CBO) ay mahalaga upang mapatingkad ang direksyon ng mga CBOs lao na sa pagbubuo ng samahan na may kalakasan sa pamamahala ng kabuhayan at pagpapabuti ng mga kasapi.

## MGA PROSESO NG PAGBUBUO NG SAMAHAN

Ang mga Community Based Organizations (CBOs) ay nakapagtukoy ng mga proseso para sa pagbubuo ng samahan. Nagkaroon ang anim na mga CBOs ng iba't-ibang pamamaraan para sa pagbubuo ng kani-kaniyang grupo na may iba't-ibang antas. Gaya ng sinasabi ng mga literatura ang antas ng pakikilahok ay isang bahagdan na binubuo ng iba't ibang anyo at maaaring tukuyin ang antas ng isang samahan ayon sa gawain at mga nakamit. Ang kahandaan ng anim na samahan ay nakabatay sa mga gawain na nilahukan ayon sa kanilang pangangailangan. Sapat lamang para sabihin na ang mga samahan ay may pinagdaanang proseso upang patuloy na palakasin ang kanilang grupo. Sa karanasan ng mga CBOs ay walang itinakdang proseso ng pagbubuo ng samahan ngunit ito ay tiningnan sa mga praktikal at kagyat na pangangailangan at pamamaraan.

Ang pag-oorganisa na nakatuon sa pagsasagawa ng programa ang kontekstong tinutuntungan ng anim na samahan. Mga programa na may kinalaman sa pangkabuhayan at mga inisyatibong tutugon sa kanilang pangangailangan tulad ng pagpapalakas ng kanilang mga samahan kabilang ang mga kasapian. Kaya naman mula sa pagsasagawa ng isang tugon sa kanilang kalagayan mula sa sakuna na dulot ng bagyo napalitan ito ng proseso ng pag-oorganisa na may gabay mula sa Lingap Pangkabtaan Inc. at suporta naman sa mga katuwang na institusyon tulad ng lokal na simbahan at ilang piling barangay sa antas ng lokal na pamahalaan.

Sa ngayon ay inaasahan ng mga samahan na magpapatuloy ang kanilang mga sinimulan ng higit pa sa itinakdang panahon ng proyekto. May pangarap na maging pangmatagalan ang

anumang gawain patungkol sa pagbubuo ng samahan na nakatuntong sa karanasan ng bawat CBO at mga natutunan sa mga nakaraang pagsasanay.

## MGA ANTAS AT URI NG PAKIKILAHOK

Kung pagbabatayan ang bahagdan ng pakikilahok ni Arnstein mula sa antas ng tokenismo hanggang sa antas ng pagbabahagi ng desisyon. Maraming mga kwento ang ibinahagi ng anim na Community Based Organizations mula sa pakikilahok sa iba't-ibang larangan at tuwangan o partnership. Ito ay mula sa simpleng boluntaryong gawain sa samahan, simbahan at barangay bilang pagpapakilala sa kanilang grupo. May pagkakataon na kabahagi ang mga CBO sa mga proyekto ng pamahalaan sa antas ng lokal na implementasyon kung saan nabibigyan din ng pagkakataon ang anim na CBO upang ipamalas ang kanilang kakayahan sa pagganap ng mga tungkulin sa pamayanan.

Dahil ang karamihan sa anim na samahan ay nagsisimula pa lamang na mamulat sa larangan ng pakikilahok sa gawaing kaunlaran, may mga maliliit na pagbabago sa aspeto ng pakikilahok ng grupo, pagpapalakas ng samahan, sa pagpapamalas ng adbokasiya para sa karapatang pantao at mga inisyatibo ng partnership o tuwangan sa ibang mga organisasyon.

## MGA KARANASAN NG PAKIKIPAG UGNAYAN/PAKIKIPAGTUWANGAN

May malinaw na bahagi ng ugnayan at tuwangan ang proyekto para lalong mapalawig ang saklaw ng gawain. Nakaugnay sa layunin ng C4D ang anim na tukoy na samahan habang nakikipagtuwangan o partnership sa lokal na simbahan, lokal na pamahalaan sa antas ng barangay at sa iba pang potensyal na organisasyong magiging kaagapay sa pagtaas ng kanilang kakayahan. Ngunit ang konsepto ng partnership o tuwangan ay nagsisilbing hamon dahil sa interes ng iilan at ang pangangailangan na ayusin ang koordinasyon sa pagitan ng bawat samahan at mga katuwang na institusyon.

Sa kabila ng mga hamon, may pagbabahagi ng karanasan na nagdulot ng bahagyang pagbabago sa bawat kasapi at gayun din sa anim na samahan. Ayon sa mga CBOs may mga pagkamulat sa antas ng kaalaman sa mga gawaing pangkaunlaran na tinangkang sangkutan kasama ang mga partners o katuwang, ngunit may pag-amin din sa kakulangan ng malinaw na oryentasyon sa tukoy nilang gampanin at sa gampanin ng mg aka partners. Naging matingkad din ang mga kwento ng pagbabago sa karakter o pag-uugali sa pagpapalakad ng mga kanya kanyang grupo at ganun din sa pakikitungo sa ibang samahan.

## KAHANDAAN PARA SA GAWAING PAGPAPAUNLAD NG PAMAYANAN

Sa maigsing implementasyon ng proyekto naging hamon para sa anim na community-based organizations (CBOs) ang mapataas ang kamalayan para sa kinabukasan ng pagpapanatili ng gawaing pangkaunlaran. Kakailanganin ang pagsisinop sa kapasidad ng bawat grupo upang mapatibay ang pundasyon ng mga samahan para sa tunay na diwa ng kanilang ginagawa bilang samahan at gawain para sa komunidad.

Samantala, nagkaroon ng pagbabahagi ng kanilang plano para sa pagpapatuloy ng kanilang mga pangarap at mga nasimulang gawain, ngunit kailangan ng konkretong direksyon para isabuhay ang mga plano. Ilan sa mga naiisip ng anim na samahan ay mga praktikal na pangarap para sa grupo subalit kinakailangan pa rin ng malinaw na pagganap at tukoy na proseso sa pag-gampan. May pangangailangan pa rin na maintindihan ng mga CBOs na ang gawaing pagpapaunlad ng pamayanan ay hindi lamang naka sentro sa aspetong pangkabuhayan, ngunit mas magiging makahulugan ito kung makikita ito ng buo kasama ang aspetong panlipunan, political, kultural, kasarian at kapaligiran.

## KONKLUSYON

Ang Community for Development (C4D) ay proyektong gumabay sa mga Community-based Organizations (CBOs) na maging mulat sa konsepto ng gawaing pagpapaunlad ng pamayanan. Ang mga samahan ang itinuturing na mga pangunahing aktor kapag nag-usap ng gawaing pangkaunlaran partikular sa kani-kanilang pamayanan. Ang transpormasyon ng pamayanan ay mararamdaman kung ang mga kasapi ng samahan ay nararamdaman ang ganap na buhay. Ang kaganapan ng buhay ng mga CBOs ay nagluluwal ng pagbabago kung nagiging masinop ang direksyon ng isang proyekto o programa.

Maraming mga resultang hindi masusukat ng kantidad o dami, tulad ng mga proseso ng pagbubuo ng samahan, mga karanasan ng pakikilahok, pakikipag-tuwangan sa ibang organisasyon at institution at ang bahagyang transpormasyon ng mga samahan sa larangan ng gawain sa pamayanan. Ang C4D bilang proyekto ay nagbigay ambag sa anim na CBOs upang mamulat sa kahalagahan ng samahan at kumilos ng kolektibo para iangat ang pangkabuhayang layunin ng grupo.

## REKOMENDASYON

- Patuloy na pagpapalakas ng samahan lalo na sa proseso ng pag-oorganisa.
- Itaas ang antas ng kamalayan sa balangkas ng pag-oorganisa at mobilisasyon tungo sa pamamahala.
- Makakatulong ang pagkakaroon ng isahang oryentasyon ng balangkas at layunin ng C4D bilang proyekto sa mga susunod na yugto ng implementasyon
- Sa ngayon makakabuti ang pagpapalakas ng kanya kanyang samahan sa larangan ng prinsipyadong pamumuno, pang-komunidad na pamamahala, at makatotohanang pakikilahok
- Magkaroon ng pagsasaayos ng mga Bisyon, Misyon, Goal at pagpaplano ang mga samahan na mas nakatuntong sa tunay na kalagayan at tutugon sa tunay na pangangailangan ng mga kasapi.
- Maging malinaw ang tungkulin at gawain ng samahan na hiwalay sa itinatakda ng taga-pagpadaloy
- Magkaroon ng pulidong pamamahala at pagsisinop sa pinansyal na aspeto ang mga samahan na na nakatuon sa interes ng nakararami
- Magkaroon ng pag-aayos at pagpapalakas sa antas ng partnership

ANNEX:

## THE CASE STUDIES

# Kasama Ako Upang Gampanan ang Organisasyong Pampamilya (KAUGOP)

KAUGOP

## Ang Paglalarawan ng Samahan

Ang Kasama Ako Upang Gampanan ang Organisasyong Pampamilya (KAUGOP) ay inorganisa noong 2019 at nakabase sa Barangay Lawaan, Eastern Samar. Sa kasalukayan, ito ay mayroon 100 na aktibong miyembro. Ang samahan ay itinatag para sa mithiin na makatulong sa bawat pamilya sa komunidad sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pagkakakitaan o karagdagang kita. Ang mithiing ito ay linyado sa layunin ng samahan na makapag produs ng pangkabuhayan na nakapagpapatuloy sa pamamagitan ng patuloy na pagmo-monitor nito. Sa tulong ng karagdagang kita ay nilalayon din ng samahan na makapag tapos ng pag-aaral ang kabataan sakanilang komunidad.

Sa kasalukuyan, bilang pagsasakatuparan ng kanilang layunin ang KAUGOP ay may umiiral na Livelihood Project na sari-sari store. Ang store o tindahan na ito ay naitayo gamit ang savings ng samahan mula sa CBU at mga kaalaman na natutunan mula sa pagdalo ng mga trainings at seminars na Cooperative Enterprise, Cooperative orientation, Orientation, and Merchandise Inventory, at Organizing and Monitoring COOP.




*"Ang mga kamay na magkatuwang at magkasama sa pagkamit ng tagumpay na kaunlaran. Walang maiiwan."*



*"ang isang mabigat na tungkulin ay nagagampanan ng maayos kung meron kang katuwang sa pagdadala nito"*

## Proseso ng Pagbubuo ng Samahan

Ang samahan ay may pinagdaanan din na proseso bago ito maitatag bilang isang organisayon. Nagsimula ito noong sila ay tumugon sa imbitasyon ng mga Community Facilitator (CF) sa kanilang lugar at ipinaliwanag sa kanila ang proyekto ng Lingap Pangkabataan. Mula dito ay nasundan ng ilan pang mga pagtitipon at mga hakbang.

- Orientation. Sa unang pagtugon sa imbitasyon ng Community Facilitators ay isinagawa ang pagpupulong kung saan tinalakay ang proyekto ng Lingap Pangkabataan at ang layunin nitong makapagbuo ng Community Based Organizations upang mapagbuti ang estadong pangkabuhayaan ng komunidad.
- Pagpupulong. Ang sumunod ay naglaman ng talakayan ukol sa itatatag na samahan pangalan, tungkol saan, at para saan ang samahan.
- Eleksyon. Nagkaroon ng mabusising pagpili at botohan para sa mga opisers/mamumuno sa samahan
- Trainings/Seminars. Isa ito sa tinukoy na hakbang sa pagbubuo ng samahan ng KAUGOP sapagkat ang mga natutunan at itinuro dito ay ang kanilang ginawang tuntungan upang masimulan ang ganap na pagkakatatag ng samahan.



## Gawain ng Pakikilahok

Ang KAUGOP ay hindi lamang isang samahan na natitigil sa loob ng kanilang organisasyon kundi sila din ay kumikilala ng kanilang gampanin bilang miyembro ng komunidad kaya't patuloy ang kanilang pakikilahok sa mga proyektong ikabubuti ng komunidad.

- Advocacy Clean Up and Tree Planting. Isa ito sa mga natukoy ng samahan bilang pinaka mahalagang pakikilahok ng KAUGOP dahil dito ay nakapag-ambag sila sa kalinisan ng komunidad na syang may magandang epekto sa buhay nito. Hindi nasayang ang oras at pagod ng samahan sa proyektong ito sapagkat sila ay nakapag lingkod sa komunidad. Higit sa lahat, ito ay nagbunga ng mga bagong kaalaman mula sakanilang karanasan. Isa na ang pag-mamanage ng skedyul at pakikipag-kapwa.
- DRRM Advocacy Handwashing. Hindi rin nag atubili na makilahok ang samahan sa proyektong ito sapagkat ito ay may magandang hangarin para sa kanilang komunidad at bilang miyembro nito ay gusto ng samahan na makapag ambag sa mga gawain na makapag papabuti sa buhay ng mga naninirahan dito.
- Barangay Savings. Ito man ay hindi sariling inisyatiba ng samahan, sila ay kusang loob na nakilahok sa dito. Dahil ito ay nakita ng samahan bilang isang oportunidad upang matuto. Ginamit nila itong pagkakataon upang mapalalim ang kaalaman sa pag-iimpok at paghawak ng savings. Hindi nabigo ang samahan sapagkat sila ay natuto ng mga stratehiya kung paano sisimulan ang sariling savings ng samahan. Napalalim din ng pakikilahok na ito ang konsepto ng "transparency" para sa samahan. Isa pang magandang epekto nito ay nagkaroon ng paunang ipon ang mga miyembro na magagamit naman nila sa pagsisimula ng kanilang sariling savings

***"ang isang partner ay ang makakatuwang sa hirap at mga hamon na kakaharapin ng samahan na sya rin naman makakasalo sa pag-ani ng tagumpay nito."***

## Pakikipagugnayan

Para sa samahan, napakahalaga na may katuwang sa mga gawain lalo kung ito'y nagpapansan ng mabigat na responsibilidad. Ayon sakanila, "ang isang mabigat na tungkulin ay nagagampanan ng maayos kung meron kang katuwang sa pagdadala nito" at "ang isang partner ay ang makakatuwang sa hirap at mga hamon na kakaharapin ng samahan na sya rin naman makakasalo sa pag-ani ng tagumpay nito." Kaya't naniniwala man sila sa lakas ng kanilang samahan ay hindi nila inaalis ang pangangailangan nilang makipag-ugnayan sa ibang organisasyon upang makapag serbisyo ng lubos. Para sakanila ang kanilang itinuturing na partner ay ang

- Church/Simbahan. Ito ang naging katuwang ng samahan upang maisakatuparan ang pagpapatayo ng sari-sari store. Ito din ay patuloy nilang nalalapitan kung kinakailangan.
- Lingap Pangkabataan. Isa ito sa tinukoy ng samahan bilang kanilang partner sapagkat lagi itong naka-alalay at handang magbigay ng suporta sa samahan lalo sa mga proyektong ikabubuti nito sa pamamagitan ng trainings at seminars. Ito ay itinuturing ng samahan na katuwang sa paglinang ng kakayahan at kasama sa pagkatuto.
- Barangay. Sa panahon ng paglilingkod sa komunidad, ito ang kanilang naging katuwang. Kasama nila ang Barangay na ginampanan ang mga gawain para sa proyektong nakapagpapabuti ng komunidad.

### Gawain sa Pagpapaunlad ng Pamayanan

Para sa samahan ang kanilang proyektong sari-sari store na nagmula mismo sa savings ng mga miyembro ay isang uri ng gawain para sa kaunlaran. Dahil nilalayon nito na mai-angat ang estado ng pamumuhay ng mga miyembro at ng kanilang pamilya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng karagdagang pagkakakitaan. Kaya naman ang pagpapaunlad ng sari-sari store ang nakikita ng samahan na makakapagdala sakanila sa pang matagalang direksyon. Plano din ng samahan na makipag-partner sa iba pang kooperatiba upang mapalawak ang sakop ng benepisyo at makapag ambag sa kaunlaran ng komunidad. Ngunit hindi limitado sa pagpapaunlad ng sari-sari store ang nakikitang paraan ng samahan tungo sa kaunlaran kundi nilalayon din nila na mapalawak ang kaalaman ng mga kasamang magsasaka at mangingisda ukol sa kanilang pangunahing ikinabubuhay. Ang pagkakaroon ng trainings o seminar na naglalaman ng mga makabagong kaalaman tungkol sa pagsasaka at pangingisda ay magbubunga ng mga bagong ideya para sa karagdagang gawain pangkabuhayan.

# Bayanihan Simbolo Han Tinikangan Association (BASIHANTA)

## Ang paglalarawan ng Samahan

Ang Bayanihan Simbolo Han Tinikangan Association (BASIHANTA) ay naitatag noong Nobyembre 2019. Ito ay may 54 na miyembro sa kasalukuyan at nakabase sa Barangay Balangiga, Eastern Samar. Ang samahan ay inorganisa upang makabuo ng isang programang pangkabuhayan na may kakayahan makapagpatuloy bilang pagtugon sa pangangailangan ng bawat pamilya sa kanilang komunidad, paunlarin ang mabuting samahan ng mga tao sa komunidad, at itaguyod ang pagkakaroon ng pagkakaisa tungo sa kaunlaran. Ang layunin ng pagkakatatag ng samahan ay linyado sa larawang diwa ng organisasyon na makapag lunsad ng isang progresibo at nagkakaisang komunidad, na syang nakakapag produs ng pangkabuhayan at sya rin tumatamasa ng benepisyo nito. Isang komunidad na may pananampalataya sa panginoon at binubuo ng mga taong may integridad. Kaakibat nito ay ang misyon ng samahan na makapag bigay ng mga pagsasanay na makakatulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga miyembro na kanilang magagamit sa pagsasakatuparan ng isang programang pangkabuhayan na makakapagpabuti ng buhay. Nilalayon din ng samahan na maka-akses ng benepisyo mula sa mga proyekto o programang pangkabuhayan mula sa ibat-ibang samahan at ahensya ng gobyerno.

Sa kasalukuyan, ang samahan ay naka-pokus sa kanilang gawain ng pagpaparehistro sa Department of Labor and Employment (DOLE), ito ang nilalaman ng kanilang mga pagpupulong. Isa ito sa mga prayoridad ng samahan upang maka-akses sa mga programang pangkabuhayan nito at makalikom ng pandagdag sa kapital ng ilulunsad na livelihood project: grocery store at feed supply. Bukod sa DOLE, abala din ang samahan sa pagbubuo ng kanilang livelihood project proposals na kanilang isusumite sa Lingap Pangkabataan upang makalikom ng pondo para sa pagsisimula ng kanilang grocery store at negosyong feed supply.






"Lahat ng aming pagpaplano ay para sa ikabubuti ng lahat at buong komunidad"

## Proseso ng Pagbubuo ng Samahan

Ang organisasyon ay may malalim na pagpapahalaga sa prosesong pinagdaanan nito bago ito naging isang ganap na samahan at may mga hakbang din na isinagawa upang maitatag ang BASIHANTA. Ang mga hakbang na ito na tinukoy ng samahan ay isinagawa sa pamamagitan ng mgapagpupulong.

- Orientation. Pagdalo sa pagpupulong na inihanda ng community facilitators. Ang agenda ng meeting ay bigyan oryentasyon ang mga miyembro tungkol sa pagbubuo ng samahan.
- Eleksyon. Matapos ang mga pagpupulong para sa oryentasyon ng mga miyembro, sumunod ang pagpupulong para sa botohan ng mga opisers/mamumuno sa samahan.
- Gumawa ng by laws/Ratification of by laws
- Registration/Membership. Ang pagiging rehistrado ay pagtatalaga ng pagiging ganap na miyembro ng samahan.
- Trainings at seminar: Orientation and establishment on cooperative, TESDA (food processing), at Stewardship and integrity. Ito ay tinukoy ng samahan bilang bahagi ng proseso sa pagbubuo ng BASIHANTA bilang ang mga natutunan dito ay integral sa pagkakatatag ng samahan.




## Gawin ng Pakikilahok

Ang samahan ay may gawain din ng pakikilahok sa komunidad. Ito ay ang community service o paglilinis sa komunidad/barangay na ginanap noong May 13, 2021. Sa gawaing ito ay naranasan ng samahan kung paano maging kabahagi ng isang gawain pang komunidad at natuto mula dito. Natutunan ng samahan kung paano makipag-trabaho sa ibang tao labas sa kanilang organisasyon. Bukod sa pagkatuto, naging daan ang pakikilahok na ito upang kilalanin ang samahan sakanilang Barangay/komunidad dahil sila ay kinagiliwan sa ipinamalas na paglilingkod sa komunidad. Isa din sa magandang epekto ng gawaing ito ay nagkaroon ng "akses" ang samahan sa Barangay ibig sabihin ay mas dumali ang kanilang kontak sa Barangay dahil sila ay "ni-recognize" bunga ng kanilang pakikilahok sa community service. Nagbunga din ng mga bagong oportunidad ang pakikilahok na ito dahil inirerekomenda narin ng Barangay ang samahan sa tuwing may mga programa at kinukuhang boluntir ang mga miyembro nito, isa na dito ang KALAHI CIDSS. Naging "proud" ang samahan dahil dito at nagsilbing inspirasyon at motibasyon ang magagandang dulot ng kanilang pakikilahok upang patuloy na makilahok.

## Pakikipagugnayan

Sa kasalukuyan ang samahan ay may tinutukoy na tatlong partners—ang Church/Simabahan, ang Barangay, at ang Lingap Pangkabataan. Ang pinaka naging mabusisi para sa samahan ay ang pakikipag-ugnayan noon sa Barangay. Upang maisagawa ito ay dumaan din sila sa ilang mga hakbang.

- Introduction. Nagpunta sa Barangay Hall upang magpakilala bilang BASIHANTA at nanghingi ng pagkakataon para sa isang pagpupulong
- Meeting/Pagpupulong. Ginamit ang pagpupulong bilang pagkakataon na maka-bonding ang mga miyembro ng Barangay Hall at makabuo ng mas malapit na relasyon
- Pagpupulong. Nagpahayag ng pagnanais na maging partner ang Barangay sa proyektong community service
- Bukod sa tatlong partners na natukoy ng samahan, plano din nila ang makipag-ugnayan sa DOLE. Upang maisakatuparan ito, ang samahan ay naghahanda na ng mga kinakailangan na dokumento/papeles na isusumite upang maging ganap na rehistrado.

### Gawain sa Pagpapaunlad ng Pamayanan

Para sa samahan ang kanilang mga gawain kasama ang pagtatatag ng BASIHANTA, pagdalo sa mga pagsasanay at seminars, pakikilahok sa Barangay upang mas makilala, nakahandang pagsusumite ng livelihood project proposals, at planong pagpapa rehistro sa DOLE ay bahagi ng kanilang paghahanda para sa gawaing pang kaunlaran. Ang pagbubuo ng isang livelihood program na naglalayon na mapabuti ang estado ng bawat pamilya sa komunidad at ang buong implementasyon nito ay tinutukoy ng samahan na isang gawain pang kaunlaran.

# Samaritan Women's Group (SWG)

## Ang Paglalarawan ng Samahan

Ang Samaritan Women's Group ay inorganisa noong Enero 2020 bilang tugon sa kahirapan na dinaranas ng kababaihan sa komunidad sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga proyektong may kinalaman sa pangkabuhayan. Ito ay binubuo ng 13 na miyembro ng kababaihan at nakabase sa Sta. Margarita, Quinapondan, Eastern Samar. Layunin ng samahan ang makapag lunsad ng mga livelihood projects na makapagbibigay ng dadag kita sa kababaihan upang maibsan ang kahirapan. Malinaw sa samahan ang hindi pagkakapantay-pantay sa oportunidad ng kasarian. Kaya't kaakibat ng layunin ay ang misyon na pagsasakapangyarihan ng kababaihan, na nakapag-iisa, at may kakayahang makapaglunsad ng pangkabuhayan laban sa kahirapan. Ito ay sa pamamagitan ng pagpapalawig ng kanilang kaalaman at kakayahan gamit ang trainings at seminar. Kabilang dito ang pagpapalalim ng kanilang kaalaman sa pinansyal o financial literacy na kanilang magagamit sa paghawak ng pangkabuhayan ng samahan man o personal.

Sa kasalukuyan ang samahan ay may pundasyon na ng kaalaman mula sa pagdalo sa iba't-ibang trainings at seminars. Ilan dito ay ang Budget Plan, Project Development and Management, Environmental Awarenerss, Women Empowenment, at Community Organizing. Ang mga natutunan mula sa mga trainings at seminars na ito ay kanilang nagamit mula sa pagtatatag ng organisasyon hanggang sa paglulunsad na kanilang livelihoods projects. Mayroon nang mga umiiral na pangkabuhayan ang samahan sa kasalukuyan kabilang ang Tahian at Botika. Hindi dito natitigil ang mga planong pangkabuhayan ng samahan. Sa kasalukuyan ay bumubuo sila ng planong paglulunsad ng bagong negosyo na 'Lutong Ulam sa Komunidad'. Kasama ang planong pagdaragdag ng panibagong aytem sakanilang tahian. Upang maisakatuparan ito, sumasailam ang samahan sa pagsasanay at pag-aaral ng iba pang uri ng pananahi.



*"Ang babae bilang sentro at mga kamay na simbolo ng pagkalinga sa kababaihan"*



*"Ang kabutihan ng buhay ng isang ina ay kabutihan ng buhay ng buong pamilya"*

## Proseso ng Pagbubuo sa Samahan

Nauunawaan ng samahan ang kahalagahan ng isang proseso sa pagtatatag ng isang organisayon kaya't sila ay buong loob at kusang loob na dumaan sa mga hakbang nito.

- Anunsyo sa Barangay. Ang mga miyembro ng samahan ay nagsimula sa pagtugon sa imbitasyon ng community facilitator para sa isang pagpupulong na naglalaman ng panimulang impormasyon tungkol sa pagbubuo ng isang samahan.
- Konsultasyon. Nagkaroon ng pagsangguni sa mga dumalo ukol sa kagustuhang matatag ng organisasyon. Inalam dito ang bilang ng mga interesadong maging bahagi nito.
- Orientation. Matapos ang pagpupulong ay nasundan ito ng oryentasyon sa mga dumalo ukol sa bubuuhing samahan.
- Planning. Kasunod ng oryentasyon ay nagkaroon ng pagpaplano ang mga miyembro ng samahan tungkol sa pangkabuhayan na kanilang sisimulan.
- Pagtatatag ng samahan. Kasama ang pagbubuo ng layunin at pangalan ng samahan. Sa pagpupulong na ito ay pinagsama-sama ang mga paunang napagusapan kasama ang dahilan ng pagoorganisa at mga planong pangkabuhayan. Ito ang naging basehan ng nabuong layunin at pangalan ng samahan.



## Gawain ng Pakikilahok

Malinaw sa samahan ang kanilang pagiging bahagi ng komunidad at sila ay may tungkulin sa pakikilahok na magpapabuti ng kalagayan nito. Kinikilala din ng samahan ang magandang dulot ng pakikilahok sa kanilang organisasyon katulad ng mga bagong kaalaman, pagiging malapit sa isa't-isa, pagkakataon na makilala ang samahan, at pagkakaroon ng boses ng kababaihan. Ang mga epektong ito ay nakatulong na mapatatag ang samahan sapagkat dito nalinang ng bawat isa ang kanilang halaga at kakayahan. Kaya't patuloy ang SWG sa pakikilahok.

- Barangay Pintakasi. Ito ay isang uri ng bayanihan sa pagpapanatiling malinis ng komunidad na may mabuting epekto sa kalusugan ng bawat pamilya. Ito ay pinangunahan ng samahan mula sa pagpaplano at buong implementasyon ng proyekto.
- Pakikilahok sa pagpupulong ng Barangay, Caritas Borongan, at Lingap Pangkabataan. Ito ay nagbibigay pagkakataon sa samahan na makilala pa ang ibang organisasyon at nagbibigay daan sa mga bagong ideya at oportunidad para sa samahan. Pagkakataon din ito para sa samahan na makilala at makapag bahagi ng mga ideya.
- Barangay General Assembly (BGA). Isang pagkakataon para sa samahan na makapagbahagi ng kanilang opinyon at suhestyon ukol sa tunay na pangangailangan ng kababaihan sa komunidad. Ito ay isang paraan na makilala ang samahan bilang organisasyon ng kababaihan na isang mahalagang bahagi ng kanilang empowernment. Kabilang sa mga usapin ay ang pagaayos ng mga kalsada at imprastuktura.

*"May magagawa ang kababaihan para sa kaunlaran"*

## Pakikipagugnayan

Kinikilala ng samahan ang Caritas Borongan, Barangay, at Lingap Pangkabataan bilang kanilang partners. Ito ang kanilang katuwang sa mga gawain o proyekto. Malaking bahagi ng pagkatuto ng samahan ang mga partners na ito lalo na ang Caritas Borongan at Lingap Pangkabataan sapagkat ito ang nag-fafacilitate ng kanilang mga trainings at seminar kung saan nila napagyaman ang kanilang kaalaman at kakayahan. Ang mga ito rin ang kanilang naging katuwang upang maisakatuparan ang livelihood projects na Tahian at Botika. Isa din sa malaking bahagi ng pagkatuto ng samahan ay ang pakikipag-partnership sa Barangay. Hindi lamang magagandang pangyayari ang naganap kundi may mga mapanghamon din na syang nakapagpatibay sa samahan. Kabilang dito ang problema sa skedyul at kawalan ng kooperasyon ng ibang miyembro sa Barangay. Ito man ay nakapag dulot ng pagkawala ng motibasyon at pagdududa sa tagumpay ng proyekto, nalampasan parin ito ng samahan gamit ang communication, re-allocation of task, at strong commitment. Ito ay nagdulot ng lakas ng loob at tiwala sa samahan.

### Gawain sa Pagpapaunlad ng Pamayanan

Para sa samahan ang kaunlaran ay isang komunidad na may matiwasay na pamumuhay. Kung saan ang bawat pamilya ay may pinagkakakitaan, malusog at malayo sa sakit, at may pagkakaisa. Kaya't patuloy ang gawain ng pakikilahok na makakapag ambag sa kalinisan ng komunidad katulad ng Pinatakasi, patuloy sa gawaing pangkabuhayan na Pananahi at Botika, at patuloy din sa pagdalo ng mga pagpupulong kung saan nagiging bahagi ang samahan ng pagkakaisa. Ang mga gawaing ito ay nais ipagpatuloy at patingkarin ng samahan sa pamamagitan ng patuloy na pagdalo sa mga pagsasanay at seminars, patuloy na pakikipag-ugnayan sa iba pang ornanisasyon at ahensya ng gobyerno, pagpapalawak ng samahan/membership, at paglulunsad ng mga proyektong pangkabuhayan. Ito ay karagdagan sa pagpapatibay ng kanilang kahandaan sa gawaing pagpapaunlad ng pamayanan.

# Balangiga Strong Foundation Women's Association (BASFWA)

## Ang Paglalarawan ng Samahan

Ang Balangiga Strong Foundation Women's Association (BASFWA) ay inorganisa noong Enero 2015 at nakabase sa Barangay ng Balangiga, Eastern Samar. Ang samahan ay may 38 na miyembro ng kababaihan. Ito ay inorganisa upang mapagbuti ang estadong pangkabuhayan at pinansyal ng kababaihan sa komunidad sa pamamagitan ng pag-iimpok o savings at livelihood programs. Naniniwala ang BASFWA na hindi dapat nalilimitahan ang oportunidad para sa mga kababaihan at sila ay may magagawa relatibo sa kaunlaran. Kaya't ang organisasyon ay naglalayon na makapag produs ng mga proyektong nakatuon sakanilang kabuhayan sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga miyembro ng pagsasanay at kaalaman ukol dito. Layunin din ng samahan na tamasahin ng mga miyembro nito ang mga benepisyong pangkabuhayan ng iba't-ibang ahensya ng gobyerno at iba pang non-government organizations.

Ang samahan ay may dalawang klase ng pag-iimpok o savings sa kasalukuyan. Ito ang Savings Program kung saan kada isang taon ay bumabalik ang ipon ng mga miyembro ng mas malaki. Ito rin ay nagsisilibing "emergency fund" ng mga miyembro sa oras ng pangangailangan, at ang Social Fund na siyang ginagamit naman ng samahan para sa pangangailangan ng organisasyon.

Itinuturing ng samahan na angat ang pagiging rehistrado nila sa Department of Labor and Employment (DOLE) at sakanilang lugar, isa sila sa iilan na rehistrado dito. Ipinagmamalaki din ng samahan ang pagiging unang samahan sa kanilang komunidad na nabigyan ng pagkakataong maka-akses sa Sustainable Livelihood Program (SLP) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) na syang nakatulong sa pagtatatag ng kanilang proyektong pangkabuhayan na Grocery Store.






*"Para sa isang komunidad na may mabuting estado ang bawat pamilya sa pinansyal, pisikal, mental, at emosyonal"*

## Proseso ng Pagbubuo ng Samahan

Ang organisasyon ay nagsimula sa samahan ng Women's Ministry sa loob ng simbahan at ang ideya ng organisasyong pangkababaihan ay dinala sa komunidad. Kasama dito ang konsepto ng savings o pagiimpok para sa pagpapabuti ng estadong pinansyal ng kababaihan. Mula sa loob ng simbahan ay bumuo ng isang Community Based Organization ang mga miyembro upang mapalawak ang sakop ng benepisyo nito. Dumaan din sa mga habkbang ang BASFWA upang maitatag ang samahan.

- Meeting/Pagpupulong at Konsultasyon: sa unang pagpupulong ay nagkaroon ng talakayan tungkol sa pagbubuo ng samahan ng kababaihan sa komunidad. Dito ay nagkaroon ng pagbabahagi ng opinion at ideya, at siniguro ang pag-sang ayon ng lahat.
- Pangalawang Pagpupulong: pinagusapan ang tungkol sa pagbubuo ng organisasyon kasama ang pangalan, layunin, at ang mga interesadong maging bahagi nito.
- Eleksyon ng mga opiser para sa BASFWA




## Gawain ng Pakikilahok

Malinaw sa samahan ang kanilang tungkulin bilang isang miyembro ng komunidad kaya't mahalaga para sakanila ang pakikilahok sa kanilang Barangay. Isa sa mga pakikilahok ng samahan ay ang Clean Up at Canal Monitoring ng KALAHI CIDSS sa kanilang Barangay. Masasabi na isang organisasyon na pinagkakatiwalaan ang samahan sapagkat ito ang itinalagang Monitoring Team para sa nasabing proyekto. Bagaman maraming kinaharap na hamon ang samahan sa pakikilahok na ito katulad ng paghawak sa skedyul, ay marami din natutunan ang samahan dito katulad ng kahalagahan ng strong commitment na patuloy nilang nai-aaplay sakanilang samahan. Dito rin mas lumakas ang loob ng organisasyon na makitrabaho sa iba pang samahan nang mapagtanto nila ang kanilang kakayahan bilang isang organisasyon noong matagumpay na naisagawa ang proyekto. Ang gawain na ito ay nakapag promote din ng openness sa samahan. Dito nila natutunan na ang pagkakaroon ng bukas na komunikasyon at kahandaan na makinig ay isang paraan upang maisagawa nang maayos ang isang proyekto.

Bukod sa mga gawain sa Barangay, hangad ng samahan na mapaunlad ang espirituwal na aspeto ng komunidad kaya't patuloy ang pakikilahok nito sa mga gawain ng simbahan katulad ng prayer meetings, bible study, at house-to-house prayers. Sa paraang ito isinusulong ng samahan ang psychosocial support para sa isa't isa at para sa komunidad. Ang kahandaan makinig sa mga suliranin at pasanin, gayon din ang kahandaang tumulong na idulog ito sa panginoon ay pamamaraan ng samahan upang makapagbigay ng suportang mental, emosyonal, at ispirituwal. Isa ito sa nakapagpapatibay sa samahan sapagkat naniniwala sila sa lakas ng pananampalataya sa panginoon na syang sentro ng kanilang gawain.

## Pakikipagugnayan

Ang BASFWA ay may malalim na pagpapahalaga sakanilang ugnayan sa Simbahan at sa Barangay. Ito ang mga itinuturing na katuwang ng samahan sa paglulunsad ng mga bagong ideya at proyekto na relatibo sa pagpapabuti ng kapakanan ng komunidad. Sa mga pagpupulong kasama ang mga partners ay sumisibol ang mga ideya na nagbubunga ng mga pagpaplano at bagong oportunidad para sa samahan. Ang simbahan ang katuwang ng BASFWA sa pagpapalago ng ispirituwal na aspeto ng samahan. Ito din ang nakapagpapanatili ng panginoon bilang sentro ng kanilang gawain. Ang Barangay naman ay may malaking ambag sa pagkilala ng komunidad sa BASFWA bilang isang organisasyon at nagbukas ng mga bagong oportunidad para sa samahan katulad ng pagiging boluntir sa mga proyekto ng KALAHI CIDSS. Para sa samahan ang pagkakaroon ng partners ay may malaking papel sa pagpapalago ng kanilang kaalaman at kakayahan na syang may magandan dulot sa kanilang samahan.

## Gawain sa Pagpapaunlad ng Pamayanan

Para sa BASFWA ang isang maunlad na komunidad ay binubuo ng mga pamilyang may mabuting estado sa pangkabuhayan at pinansyal sapagkat hindi nito hahayaan na maisaalang-alang ang iba pang aspeto ng buhay katulad ng kalusugan—pisikal, mental, at emosyonal. At bilang isang integral na bahagi ng pamilya, mahalaga para sa samahan na mabigyan pansin ang kalagayan ng kababaihan at ang pagpapabuti ng kanilang buhay. Ang mga proyektong livelihood ng samahan ay isang gawain upang matamo ang kaunlaran. Sa pamamagitan ng mga proyektong ito ay naibsan ang hirap sa pagkakakitaan ng kababaihan. Bukod sa gawaing economic, ang samahan ay nagsusulong din ng psychosocial support para sa komunidad sa pamamagitan ng Group Chat Kamustahan at Encouragement upang mapanatiling matatag ang mental resiliency ng mga tao. Nariyan din ang spiritual support sa pamamagitan ng church activities at house-to-house spiritual counseling. Malinaw sa samahan ang kahalagahan ng pangkabuhayan upang mapabuti ang estado ng buhay ngunit hindi rin nawawaglit sa kanila ang kahalahagan ng pagpapabuti ng aspetong mental, emosyonal, at ispirituwal para mapagbuti ang kabuuang kalagayan ng komunidad tungo sa kaunlaran. Ang mga gawaing ito ay nakapagpapatibay din sa samahan at syang makapagdadala sa kanila sa pangmatagalang direksyon. Upang mas mapagtibay ang pundasyon, may mga gawain ang samahan katulad ng planning for accreditation sa DOLE nang sa gayon ay lumawak ang kanilang akses sa mga programang pangkabuhayan at makapagpatuloy ang kanilang mga proyekto.

# Fisherfolks and Farmers Group (FFG)

## Ang Paglalarawan ng Samahan

Ang Fisherfolks and Farmers Group (FFG) ay inorganisa noong Disyembre 2020 upang maibsan ang kahirapan na dinaranas ng mga mangingisda at magsasaka sa pamamagitan ng pagpapabuti ng kanilang kabuhayan. Ito ay may 10 na aktibong miyembro at nakabase sa Sta. Margarita, Quinapondan, Eastern Samar. Layunin ng samahan na makapag lunsad ng proyektong pangkabuhayan kabilang ang paglilikom ng sapat na pondo at kagamitan upang mapagyaman ang pangingisda at pagsasaka na pangunahing kabuhayan sa komunidad. Kaakibat nito ang misyon na maging kapaki-pakinabang sa lahat ang mga pangkabuhayan na inilulunsad sa pamamagitan ng makatotohanan at tamang paggamit ng pondo, at ipagpatuloy ang paglilingkod at serbisyo gamit ang community service.

Matingkad ang pagkakaisa ng bawat miyembro ng samahan na maisakatuparan ang hangarin na mapagbuti ang kabuhayan sa komunidad kaya't patuloy ang kanilang mga gawain upang makamit ito. Kabilang sa mga gawain na ito ay ang pagtatatag ng samahan, patuloy na pakikiisa ng mga kasapi sa pagpaplano, pananatiling aktibo ng lahat ng miyembro, at patuloy na community service. Itinuturing ng samahan na isang tagumpay ang pananatili buo nito sakabila ng mga pagsubok. Isa na dito ang kawalan ng pondo at ang umiiral na pandemya. Mapanghamon man para sa samahan ay patuloy parin ito sa mga gawain na makapagpapatuloy ng kanilang organisayon.





*"Isang pangkabuhayan na kapakipakinabang para sa lahat ng mangingisda at magsasaka para sa kaunlaran ng lahat"*

## Proseso ng Pagbubuo ng Samahan

Mataas ang pagkilala ng samahan sa Lingap Pangkabataan bilang isang integral na bahagi ng pagkakatatag ng Fisherfolks and Farmers Group. Ang pagpupulong na inorganisa noon ng Lingap Pangkabataan ang syang naging umpisa ng pagiging bukas at pagkakatanto ng mga miyembro sa pangangailangan ng isang Community Based Organization sa pagpapabuti ng kabuhayan sa komunidad. Ito ang naging una sa mga hakbang upang mabuo ang samahan.

- Orientation. Ito ang pagpupulong na inorganisa ng Lingap Pangkabataan kung saan ang mga dumalo ay nakatanggap ng oryentasyon tungkol sa pagbubuo ng isang samahan. Isa sa mga dumalo ay ang kasalukuyang presidente ng FFG na si Rolando Cabello. Sya ang nagrepresenta ng mga mangingisda sa kanilang komunidad.
- House-to-house. Kasunod na hakbang ay ang pagbabahay-bahay ni kuya Rolando upang ipamahagi ang impormasyon na nakuha nya sa oryentasyon ng Lingap. Kasabay ang panghihikayat sa mga kasamang mangingisda at magsasaka na makiisa sa pagtatatag ng organisasyon.
- Meetings/Pagpupulong. Matapos ang panghihikayat sa mga kasama, nag organisa ng isang pagpupulong ang mga ito kung saan nagsimula ang talakayan ng bubuuhing samahan. Kasama sa tinalakay ang pangalan ng samahan at ang mga tututukan nitong gawain.
- Eleksyon. Nagkaroon ng isang pormal na botohan para sa mga mamumuno sa samahan.
- Pagbubuo ng Vision, Mission, Goal, at Objective (VMGO) ng samahan.
- Trainings at Seminars. Kabahagi ng hakbang sa pagbubuo ng FFG ay ang mga trainings at seminar kung saan pinagyaman ang kanilang kaalaman sa organisasyon at paglulunsad ng proyekto.
- Pagpapalawak ng samahan. Paghihikayat sa mga kasama sa komunidad na maging miyembro ng organisasyon at makiisa sa pagsasakatuparan ng layunin nito.



## Gawain ng Pakikilahok

Ang samahan ay patuloy din sa mga gawaing pakikilahok sa Barangay bilang pagtugon sa pagpapabuti ng komunidad lalo ng pangunahing pangkabuhayan nito. Malinaw sa samahan ang kanilang tungkulin sa pangangalaga ng kalikasan bilang magsasaka at mangingisda sapagkat ito ang pangunahing pinagkukunan ng pangkabuhayan. Isa ang benepisyong pangkabuhayan sa magandang epekto nito sa samahan kasama ng pagkilala sakanila ng komunidad bilang isang organisasyon na responsable at handang magserbisyo.

- Barangay Clean Up: Nakilahok at patuloy ang pakikilahok ng samahan sa pagpapanatili ng kalinisan sa komunidad na makapagdudulot ng magandang epekto sa kanilang pangkabuhayan.
- Barangay General Assemby. Isa ito sa mga gawain na nilalahukan ng samahan upang makapag bahagi ng opinyon at suhestyon na akma at makatutugon sa pangangailangan ng mga mangingisda at magsasaka.
- Okasyon/Pagdiriwang. Ang samahan ay nakikilahok din sa pagoorganisa ng mga pagdiriwang sa Barangay katulad ng Fiesta upang makabuo ng mas malalim at malapit na relasyon sa mga kasama sa komunidad.
- Caritas Borongan. Ang samahan ay patuloy na nakikiisa sa pagpupulong na inoorganisa ng Caritas Borongan kasama ang iba pang mga organisasyon upang makibahagi sa palitan ng opinyon at pagsusulong ng adbokasiya. Paraan din ito ng samahan upang makahanap ng mga oportunidad upang maging bahagi ng ibang proyekto ang samahan.

***"Ang pagbuti ng kabuhayan ng mga mangingisda at magsasaka ay pagbuti din ng buhay ng komunidad"***

## Pakikipagugnayan

Bilang isang organisayong sumisibol, malinaw sa samahan ang kahalagahan ng pakikipagugnayan upang maisakatuparan ang mga layunin nito dahil para sa samahan, ang partner ay isang katuwang sa pagkamit ng iisang hangarin. Isa ang Lingap Pangkabataan, Barangay, at Samaritan Women's Group sa mga katuwang na tinukoy ng samahan. Sa paniniguro ng ugnayan a may mga hakbang din na isinasagawa ang samahan.

- Lingap Pangkabataan: Katuwang sa pagkatuto at pagsasakatuparan ng proyektong pangkabuhayan. Isang paraang ang pagdalo sa mga pagpupulong upang masiguro at mapagtibay ang ugnayan ng samahan at Lingap Pangkabataan. Kasama dito ang pagdalo sa mga trainings at seminars.
- Barangay: Katuwang sa hangarin na panatiliihing malinis ang komunidad. Isa ang pagdalo sapagpupulong sa Barangay upang maipakilala ang samahan at maibahagi ang hangarin nito. Kasunod ang paghingi ng sariling pulong kasama ang Barangay at ang FFG upang talakayin ang proyektong Barangay Clean Up at pagtatakda ng skedyul nito.
- Barangay: Nakahandang katuwang sa implementasyon ng Mangrove Planting Project. Isa din ang pagpupulong sa naging hakbang ng samahan upang maging handang katuwang ang Barangay sa proyektong Mangrove Planting.
- Samaritan Women's Group: Nakahandang katuwang para sa proyektong Mangrove Planting. Sa pamamagitan ng pagdalo sa pagpupulong ng iba't ibang samahan ay nabigyan ng pagkakataon ang FFG na maibahagi ang inisyatibang mangrove planting at nakapagbukas ng oportunidad para sa mga handang maging katuwang nito.

### Gawain sa Pagpapaunlad ng Pamayanan

Para sa FFG, ang maibsan ang kahirapan sa pamamagitan ng maayos na pangkabuhayan ay isang bahagi ng kaunlaran. Kaya upang makamit ito, mahalagang pangalagaan ang mga pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan sa komunidad. Isa ang pagpapanatiling malinis ng coastal area at ng buong kapaligiran nito kaya patuloy ang gawain ng samahan relatibo dito katulad ng Barangay Clean Up. Ito din ay isang paraan ng pagpapatuloy ng samahan sapagkat natutugunan nito ang kabuhayan ng mga miyembro. Patuloy din sa pagpaplano ang samahan para sa pagsasakatuparan ng proyektong Mangrove Planting kasabay ng patuloy na pakikipag ugnayan sa iba pang samahan at ahensya ng gobyerno bilang paghahanda sa gawaing pagpapaunlad ng pamayanan.

# Balangiga Motorpot Drivers and Operators' Association (BAMDOA)

## Ang Paglalarawan ng Samahan

Ang Balangiga Motorpot Drivers and Operators' Association ay inorganisa noong Nobyembre 2019 upang makabuo ng isang organisado at matibay na samahan ng mga nagkakaisang drayber tungo sa maayos na pamamasada. Ito ay may 22 na miyembro at nakabase sa Balangiga, Eastern Samar. Layunin ng samahan ang pagpapabuti ng kondisyon ng kabuhayan ng mga drayber at magkaroon ng akses sa mga programa at serbisyo mula sa iba't ibang organisasyon at ahensya ng gobyerno. Kaakibat ng layuning ito ay ang misyon na makapagbigay ng mas maayos na serbisyo sa transportasyon sa komunidad at makapag ambag sa pagpapabuti ng pang ekonomikong kondisyon ng bawat pamilya. Ito ay may pagkaka-akma sa larawang diwa ng samahan na itaguyod ang isang komunidad na may maayos na sistema sa transportasyon at natutugunan ang pangangailangan ng bawat pamilya at kabataan.

Ang BAMDOA ay kilala sa komunidad bilang isang organisasyon na malalapitan at handang maglingkod sa oras ng pangangailangan. Ito ay ipagmamalaki ng samahan at itinuturing nilang angat na kaibahan ng BAMDOA. Sa pamamagitan ng "booking" gamit ang social media, o pagtawag sakanila ay nakapagbibigay sila ng maayos at angkop na serbisyo. Sila ay itinuturing na "emergency team" sa kanilang Barangay na handang maglingkod anumang oras.




*"Isang maayos na kabuhayan para sa mga drayber upang makapaghatid ng maayos at kalidad na serbisyo sa komunidad"*



*"Isang ligtas at maayos na transportasyon ang hatid ng mga drayber kaya't ang kaunlaran namin ay kaunlaran ng lahat"*

## Proseso ng Pagbubuo ng Samahan

Ang samahan ay naniniwala sa kahalagahan ng isang proseso upang magkaroon ng saysay ang pagkakatatag ng isang samahan. Kaya ito ay may malalim na pagpapahalaga sa mga hakbang na pinagdaanan ng samahan bago ito maitatag bilang BAMDOA.

- Orientation. Ang samahan ay nagsimula sa pagdalo ng pagpupulong na inorganisa ng mga community facilitator. Ang mga kalahok ay inimbitahan sa pamamagitan ng pagbabahay-bahay ng mga community facilitator. Sa pagpupulong na ito ay nakatanggap ng oryentasyon ang samahan tungkol sa pagbubuo ng isang organisasyon.
- Planning. Matapos ang oryentasyon ay nagtakda ng pagpupulong ang mga miyembro kasama ang community facilitators upang pagplanuhan ang pagbubuo ng samahan. Kasama ang pangalan at layunin nito.
- Eleksyon. Nagkaroon ng mabusising pagpili ng mga mamumuno para sa samahan upang masiguro ang pagpapatuloy nito.



## Gawain ng Pakikilahok

Ang samahan ay patuloy na nakikilahok sa mga gawain sa komunidad bilang bahagi ng paglilingkod nito. Bukod sa nakapagbibigay ng serbisyo ang samahan, nakakatulong ang pakikilahok upang sila ay magkaroon ng mga bagong kakayahan isa sa tinukoy ng BAMDOA ay ang pagmamanage ng skedyul at abeylabiliti, pagiging bukas sa isa't-isa gamit ang komunikasyon, nagbunga ng "saluhan/suportahan system" sa samahan, at mas nakilala sa komunidad ang samahan.

- Community Clean Up. Paglilinis ng Canal.
- KALAHI CIDSS Volunteer
- Livelihood Project. Pakikilahok sa proyektong pangkabuhayan ng BASIHANTA bilang delivery service. Ito ay nakakatulong upang makilala ang samahan dahil sakanilang pagdedeliber ng mga produkto ng BASIHANTA ay dala-dala nila ang pangalan ng BAMDOA.

***"Sa pamamagitan ng maayos na pangkabuhayan para sa mga drayber ay makapagtapos ang mga bata ng pag-aaral para makamit ang kaunlaran"***

## Pakikipagugnayan

Mataas ang pagkilala ng samahan sa kanilang ugnayan sa BASIHANTA at may malalim na pagpapahalaga sa gawain na kinababahagian ng samahan. Sa pagsisimula ng pagiging magkatuwang ng dalawang organisasyon ay may mga hakbang din itong pinagdaanan.

- Meeting at Proposal. Nagkaroon ng paunang pag-uusap sa pagitan ng mga presidente ng samahan. Kung saan nagkaroon ng talakayan ukol sa serbisyong transportasyon o delivery service na kailangan ng BASIHANTA na matutugunan ng BAMDOA.
- Konsultasyon. Ang sumunod na hakbang ay ang pagkonsulta ng president ng BAMDOA sa mga miyembro nito at paniniguro ng pagsangayon ng lahat.
- Verbal Agreement. Bilang pinal na kasunduan ang dalawang organisasyon ay sumang-ayon na ang BAMDOA na ang magbibigay ng delivery service sa BASIHANTA at sa komunidad.

### Gawain sa Pagpapaunlad ng Pamayanan

Para sa BAMDOA ang isang maunlad na komunidad ay nagtataglay ng mga pamilya na may maayos na kalagayang pangkabuhayan, may pinagkakakitaan, may maayos na kalusugan, may maayos at ligtas na serbisyo sa transportasyon, at may kakayahan mapagtapos ng pag-aaral ang kabataan. Isa ang mga gawain ng samahan sa pagkamit ng tinutukoy nitong kaunlaran. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng kalidad at ligtas na serbis sa komunidad, pagtitiyak ng maginhawang pamamasada at kita para sa mga miyembro, at pakikilahok sa gawaing pangkabuhayan ng ibang organisasyon. Ito ang mga gawain na hinahangad ng samahan na ipagpatuloy at pagyamanin upang makapag bigay ng mas mataas na antas ng paglilingkod sa komunidad. Kabahagi sa pagpapayaman ng gawain ay ang paglulunsad ng karagdagang pagkakakitaan para sa mga miyembro ng samahan—Vulcanizing Shop at Spare Parts Shop. Bukod sa pagkakaroon ng dagdag kita, madadala nito ang samahan sa pangmatagalang direksyon sapagkat mapangangalagaan nito ang mga motor ng mga kasama at makapagpapatuloy sa pamamasada.  Para sa samahan ang mga gawaing ito ay senyales ng kahandaan para sa gawaing pagpapaunlad ng pamayan. Malinaw sa samahan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kaunawaan tungkol sa isang maunlad na komunidad at kakayahan makapag tukoy ng mga gawaing makatutugon dito.